

## **PAGPAPATULOY NG MGA PAG-RENEW NG MEDI-CAL: SHEET NG KATOTOHANAN**

Simula sa umpisa ng pandemyang COVID-19, nakatanggap ang California ng pagtaas sa pagpopondo ng Medicaid sa ilalim ng kundisyon na ipagpapaliban ang pag-alis sa pagkakatala hangga't nananatiling aktibo ang federal na public health emergency (PHE) ng COVID-19, na nagpapahintulot sa milyun-milyong Taga-California na manatili sa Medi-Cal sa panahon ng hindi inaasahang krisis ng kalusugan.

Ngunit sa Federal Consolidated Appropriations Act ng 2023, ang patuloy na mga kinakailangan ng pagsaklaw ng Medicaid ay hindi na nakatali sa PHE, at matatapos ang patuloy na saklaw sa ika-31 ng Marso.

Nagtalaga ang State Department of Health Care Service (DHCS) sa bawat benepisyaryo ng partikular na buwan ng pag-renew para bigyan ng pagitan ang mga pag-alis sa pagkakatala, at magkakaroon ng pinakamaagang mga buwan sa pag-renew ang mga miyembrong nakatala nang pinakamahabang panahon sa Medi-Cal.

Sisimulan namin ang muling pagpapasya sa pag-renew sa humigit-kumulang na 85 araw bago ang huling araw sa buwan ng muling pagpapasya ng indibidwal. Para sa mga indibidwal na ang buwan ng pag-renew ay Hunyo 2023, magsisimula ang pagproseso sa Abril. Sa panahon ng Abril, ipapadala sa mail ang mga pag-renew na nakatakda sa Hunyo at ang taunang pakete ng pag-renew. Sa Hunyo, isang abiso sa pagkilos ang ipapadala sa mga indibidwal, kung nananatiling hindi kumpleto ang taunang pag-renew o hindi na kwalipikado ang benepisyaryo sa Medi-Cal. Sa ika-30 ng Hunyo ang huling araw ng kwalipikasyon sa Medi-Cal para sa populasyon na ito.

Habang natatapos ang patuloy na saklaw ng Medi-Cal, maraming mga benepisyaryo ng Medi-Cal ang puwedeng maging kwalipikadong lumipat sa [Covered California](#), isang serbisyo na nagkokonekta sa mga Taga-California sa insurance ng kalusugan na may brand-name at mga rate na may federal na subsidiya.

Hindi makakaranas ng puwang sa saklaw ang mga indibidwal na nawalan ng Medi-Cal ay kung kukumpirmahin nila ang kanilang pagpili sa kwalipikadong plano ng kalusugan, at magbabayad ng premium kung kailangan lang, para sa saklaw ng Covered California sa loob ng isang buwan ng kanilang hindi pag-alis sa pagkakatala mula sa Medi-Cal, ayon sa DHCS.

### **Paano i-renew ang saklaw ng iyong Medi-Cal:**

#### **1) Hintayin kaming makipag-ugnayan sa iyo tungkol sa pag-renew**

Susubukan naming i-renew ang iyong Medi-Cal nang hindi ka hinihiling na punan ang pakete ng pag-renew. Kung magtagumpay kami, makakatanggap ka ng abiso na kumukumpirmang nai-renew na ang iyong Medi-Cal nang isa pang taon. Kung hindi kami magtagumpay, makakakuha ka ng pakete ng pag-renew sa mail.

#### **2) I-update ang iyong impormasyon**

Kung lumipat ka simula noong Marso 2020 at hindi sigurado na nasa amin ang iyong na-update na address, mangyaring tawagan kami sa 866-262-9881 para ibigay sa amin ang na-update mong impormasyon ng kontak. Kung hindi man, puwedeng hindi mo matanggap ang iyong pakete ng pag-renew o sulat ng pag-renew at mawala ang iyong Medi-Cal.

#### **3) Kung makakatanggap ka ng pakete ng pag-renew sa mail**

Kumpletuhin ito at ibalik ang pakete at mga hiniling na pagpapatunay sa nakatakdang petsa na binanggat sa sulat. Tawagan ang 866-262-9881 sa anumang tanong.

#### **4) Bakit puwedeng hindi mo matanggap ang pakete ng pag-renew**

- Nagawa ka naming i-renew: Sa halip na ang pakete, papadalhan ka namin ng abiso ng kumpirmasyon.
- Hindi mo pa panahon para mag-renew: Ang mga petsa ng pag-renew ay batay sa orihinal na

petsa ng iyong pagsali para sa Medi-Cal. Halimbawa, kung ikaw ay nag-apply sa Oktubre, ang iyong pag-renew ay itatakda sa Setyembre.

- Wala sa amin ang tamang address mo: Para i-update ang iyong address, tawagan kami sa 866-262-9881.